Enero 29, 2021

IMahalagang paunawa mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad tungkol sa

Patnubay sa Pakikipag-ugnay sa mga Konsumidor at mga Aktibidad Kaugnay ng COVID-19

Ang dapat malaman

Nagpapatuloy sa pagtaas ang mga kaso ng COVID-19 sa estado at ikaw at ang iyong pamilya ay dapat na manatiling may kamalayan at may kaugnayan sa iyong sentrong panrehiyon. May mga paraan ang iyong sentrong panrehiyon para tulungan ka sa panahon ng paglaganap ng COVID-19.

Ang mababago

Upang tulungan kang manatili
na malusog at may alam, ang iyong sentrong panrehiyon ay:

- Makikipag-ugnay sa iyo at sa iyong pamilya sa susunod na 30 araw upang:
  - Magtanong sa inyo tungkol sa inyong kalusugan at kung kumusta na kayo
  - Magtanong sa inyo ng impormasyon tungkol sa pag-test, pagbabakuna, at anumang iba pa na maaaring kailangan ninyo
- Maaaring hindi sila makikipag-ugnay sa inyo kung nakipag-usap na sila sa inyo simula Enero 1, 2021, o sinabi ninyo sa kanila na gusto ninyo ang mas madalang na pakikipag-ugnay
- Mananatiling nakikipag-ugnay sa mga ospital o ibang mga nagbibigay ng pangangalaga (kabilang ang mga miyembro ng pamilya) kung nasa ospital ka dahil sa COVID-19
- Gagawa ng plano para sa pag-test para sa COVID-19 at mga pagbabakuna na ibabahagi nila sa iyo, sa iyong pamilya at sa mga taong tumutulong sa iyo
- Bibigyang prayoridad ang kanilang trabaho upang mas mahusay kayong mapaglingkuran

May mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na sentrong panrehiyon. Kung hindi ka nila matutulungan, mangyaring mag-email saDDSC19@dds.ca.gov

Alamin ang higit pa

Tingnan ang abiso ng Kagawaran tungkol sa idineklarang State of Emergency ni Gobernador Gavin Newsom dahil sa paglaganap ng COVID-19.

Link sa buong text ng direktiba ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad: Pakikipag-ugnaysa mga Konsumidor at Pagpaplano para sa mga Aktibidad Kaugnay ng Covid-19

DDSC19@dds.ca.gov
www.dds.ca.gov/corona-virus-information-and-resources/